THE FILIPINO-CANADIAN NEWS AND INFORMATION www.talibaFlipzMedia.com

TALIBA

#560 FEB 15-28, 2026 ISSUE FlipzMedia PUBLISHED IN TORONTO, ONTARIO

*MANILA, PILIPINAS — Nais muna ni Sen. Rodante Marcoleta na makaharap sa isang debate sina Philippine Coast Guard (PCG) Spokesperson Commodore Jay Tarriela at dating Supreme Court Associate Justice Antonio Carpio sa isang 'debate' tungkol sa West Philippine Sea.*

*Sinabi ni Marcoleta na nais muna niyang makaharap sa debate sina Tarriela at Carpio.*

*Nauna rito, hinamon ni Tariella si Marcoleta na bisitahin ang KIG matapos sabihin ng senador na suko na ng Pilipinas ang ilang bahagi ng KIG dahil hindi naman ito sakop ng exclusive economic zone (EEZ) ng Pilipinas.*




# Hirit na debate ni Sen. Marcoleta, tinanggap ni retired Justice Carpio

**PILIPINAS** - Tinanggap ni dating Supreme Court Senior Associate Justice Antonio Carpio ang hamon ni Sen. Rodante Marcoleta para sa isang pampublikong debate hinggil sa West Philippine Sea.

Ang paksa ng pagtatalo ay kung mayroong legal na West Philippine Sea at kung kabilang dito ang mga maritime features ng Kalayaan Island Group.

Nagsimula ang kontrobersya matapos ipahayag ni Marcoleta na maaaring "isuko" ng Pilipinas ang ilang bahagi ng KIG dahil umano'y hindi sakop ng Exclusive Economic Zone ng bansa.

Mariing tinutulan ito ng Philippine Coast Guard spokesperson Commodore Jay Tarriela, na nag-imbita pa kay Marcoleta na sumama sa isang Maritime Domain Awareness flight upang makita ang aktwal na sitwasyon.

Bukod kay Carpio, binanggit ni Marcoleta na nais din niyang makipagdebate kay Tarriela at kay Prof. Jay Batongbacal ng UP Institute for Maritime Affairs and Law of the Sea.

Si Carpio ay kilalang tagapagtanggol ng karapatan ng Pilipinas sa WPS, lalo na matapos ang 2016 arbitral ruling na nagpawalang-bisa sa nine-dash line claim ng China.

Hangad ng ilang observers na ang debate ay magbibigay-linaw sa publiko tungkol sa legal na batayan ng WPS at sa kahalagahan ng pagpapanatili ng soberanya ng Pilipinas sa mga pinag-aagawang teritoryo. - ***Bombo Dennis Jamito***




*Former Supreme Court Senior Associate Justice Antonio Carpio*

# GET OUT OF DEBT WITHOUT BANKRUPTCY

## Deal directly with the Licensed Debt Professionals™ at David Sklar & Associates

We are licensed by the **Canadian government** to file and administer programs that can relieve your serious debt problem and give you a **'fresh start'**

- Get Out of Debt
- Stop Collection Calls
- Stop Interest Charges
- One Low Monthly Payment
- Without Bankruptcy
- Without Loans



**Cori Naron,**
Certified Insolvency Counsellor (BIA),
Estate Administrator

## For Your Free Consultation
## Call (416) 498-9200 ext. 236

**DAVID SKLAR & ASSOCIATES INC.**
Licensed Proposal Administrators & Licensed Insolvency Trustee

HEAD OFFICE: 245 FAIRVIEW MALL DRIVE, SUITE 720, TORONTO, ONTARIO, M2J 4T1
NORTH YORK ▪ TORONTO ▪ PICKERING / AJAX ▪ MISSISSAUGA / ETOBICOKE ▪ BRAMPTON

# 2 impeachment ni PBBM binasura



**MANILA, Philippines** — Ibinasura ng House Committee on Justice ang dalawang impeachment complaint na inihain laban kay Pangulong Ferdinand "Bongbong" Marcos Jr. dahil sa "insufficient in substance" o kakulangan ng basehan para ipagpatuloy ang pagtalakay sa usapin.

Sa botohan sa unang impeachment complaint na inihain ng abogadong si Andre de Jesus, 42 kongresista ang bumoto na ibasura ito, isa ang tumutol, at isa ang hindi bumoto.

Samantala, sa ikalawang reklamo na inihain ng Makabayan coalition, pinagbotohan ito na ideklarang sapat sa sustansiya pero 39 na kongresista ang tumutol, at pito lang ang pumabor.

Nagsasaad sa dalawang impeachment complaint na inihain laban kay Marcos na:

Sa reklamong inihain ni De Jesus, inaakusahan niya si Marcos ng pagtataksil sa tiwala ng publiko at paglabag sa Konstitusyon, bukod sa iba pa, dahil sa umano'y pag-utos at pagpapahintulot sa pagdukot at pagsuko kay dating Pangulong Rodrigo Duterte sa International Criminal Court (ICC); kasama rin ang paratang na gumagamit ang pangulo ng ilegal na droga na nakaaapekto sa kaniyang pamumuno sa bansa; at sa kabiguang i-veto ang mga unprogrammed appropriations at iba pang probinsiyon na labag sa Konstitusyon sa pambansang budget para sa 2023, 2024, 2025, at 2026, at iba pa.

Sa reklamong inihain ng Makabayan bloc, nakasaad naman na nagkasala ang pangulo ng pagtataksil sa tiwala ng publiko dahil sa pagpapatupad ng Baselined-Balanced-Managed (BBM) Parametric Formula sa paglalaan ng mga proyektong pang-imprastraktura na umano'y nagresulta sa mga "ghost," substandard, at over priced na flood management projects, at iba pa.

Iginiit ng mga nag-endorso ng ikalawang impeachment complaint, na hindi umano maikakaila ang pananagutan ng Pangulo sa problema sa flood control dahil malinaw na taglay ng polisiya ang kaniyang marka na BBM at nangyari ito sa ilalim ng kaniyang panunungkulan.

"Ang formula na ito ay di lang nakapangalan o nakapalayaw sa acronym ng Pangulo na BBM, pero siguradong dumaan din sa mata ni Pangulong Marcos Jr. at pinangasiwaan taon-taon. Meron pa nga pong declaration si incumbent DPWH Secretary Vince Dizon that they will phase out the Cabral Formula in the future NEP preparations. Pumaldo dahil pinadulas ng DPWH sa ilalim ng Pangulo ang sistema ng nakawan na nakatago mismo sa proseso ng pagbubudget ng pondo ng bayan. Nakakasira sa tiwala ng publiko ang pag-imbento ng isang modus operandi na nagbigay daan sa nakawan sa kaban ng bayan. This is an impeachable offense," ayon kay Kabataan party-list Rep. Renee Co, patungkol sa DPWH policy Baselined-Balanced-Managed (BBM) Parametric Formula na nagsasaad na "priorities of the leaders of the national government and the legislature will also be considered in the matter of infrastructure budgetary allocations."

"This BBM formula legitimized political patronage at corruption. The policy considered 'pri-

APPLY TODAY - WORK TOMORROW!

We currently have openings for:
GENERAL LABOUR
PACKAGERS
ORDER PICKERS / PACKERS
MATERIAL HANDLERS
SHIPPER / RECEIVERS
CERTIFIED FORKLIFT OPERATORS




EXTRA PERSONNEL
Kipling at Taber
Between Wendys and Daisy Mart
2140 Kipling Avenue Unit 5
Toronto, ONT M9W 4K5.

7:00 a.m.-4:00 p.m.
Call our Filipino Recruiter
Alvin Rota
416-740-3959



We offer the best pay rates in the industry, long and short-term assignments, tremendous full-time employment possibilities and access to some of Canada's top employers.

Applicants must have a great work ethic, a good command of the English language and safety shoes.

EXTRA
INDUSTRIAL PERSONNEL INC.
www.extraindustrialpersonnel.com

orities of leaders'. Ibig sabihin, ang pambansang badyet ay hindi ayon sa pangangailangan ng mamamayan, kundi ayon sa gusto ng mga nasa kapangyarihan," sabi naman ni Gabriela party-list Rep. Sarah Elago.

Bago ang botohan, sinabi ni House justice panel chairperson at Batangas Rep. Gerville Luistro na ang pagtukoy sa sapat na substansiya ng isang reklamong impeachment ay hindi nakabatay sa teorya ng mahigpit na pananagutan sa pamamahala.

"The official is not constitutionally impeachable simply because wrongdoing is alleged somewhere in the bureaucracy or because a policy decision is later criticized or questioned. To hold otherwise would collapse the careful constitutional design and render every official perpetually vulnerable to impeachment based on suspicion alone," ani Luistro.

"At the same time, the committee recognizes that impeachment exists precisely to address serious abuses of power where a complaint alleges with clarity, specificity, and factual grounding that the official committed a grave breach of public trust. Our proceeding today is intended to test the legal sufficiency of the complaint, not their popularity, not their rhetoric, not their political appeal," dagdag niya.

Nauna nang inaprubahan ng komite na sufficient in form ang dalawang reklamo. — ***Llanesca T. Panti/FRJ GMA Integrated News***




# MASAYA NA SI PBBM

**PILIPINAS -** Natuwa si Pangulong Ferdinand "Bongbong" Marcos Jr. ang naging desisyon ng House of Representatives na ibasura ang mga impeachment complaint laban sa kanya, at sinabing magbibigay ito ng pagkakataon sa kanyang administrasyon na mas ituon ang pansin sa pamamahala.

Sa isang ambush interview sa mga mamamahayag, sinabi ng Pangulo na nakahinga siya nang maluwag matapos tuluyang maisantabi ang isyu, na aniya'y naging sagabal sa gawain ng pamahalaan.

***eBALITA Pilipinas***



# 2026-28 PIDC Elects New Executive Officers and Board Directors

**By Tony A. San Juan, OCT.**

**In a General Meeting at the Toronto City Hall on January 10, 2026, the membership of the Philippine Independence Day Council( PIDC) elected its new set of Executive Officers and Board Directors for the 2026-2028 term. Registered long-serving officers and new members of the association attended the significant event.**

**Among those named to the PIDC Executive Board are:**

*President* - ***Tom Tan***,

*Executive Vice President*- ***Karen Pascual Binaday***,

*Vice President for External Affairs* - ***Aurora Elefano***,

*Vice President for Internal Affairs* - ***Gene Elamparo***,

*Vice President for Special Projects* - ***Carlos Cabañeros***,

*Secretary* - ***Chyrell Ronquillo***,

*Assistant Secretary* - ***Malou Lamang,***

Treasurer - **Meriel Lumbao**,

Assistant Treasurer- **Mary Jean Senador,**

Auditor - **Ben Corpuz,**

Press Relations Officers - Suzy Llanera and Danny Orbillo,

Business Managers - Cynthia Miranda and Justin Bella,

*Community Liaison Officers* ***- Melinda Manlapaz and Bk Jimenez and***

*Directors:* ***Leonor Abad, Sonia Balinas,, Helen Pico Lao, Jeff Mesina***, *and* ***Ofelia Santiago.***

**Tom Tan** will be serving his second term as head honcho of the prominent organisation. Immediate Past President **Agnes P. Miranda** was appointed PIDC Adviser. The designated members of the PIDC Council of Leaders are ***Randy Bucao, Margie Doce, Aris Elefano, Jose Guiyab, Grant Karwacki, Maria Sherry Tan Lacson, Mrs Tan-Lacson, Rommel Lumbao, Charmaine Ramirez, David Ramirez, Camilo Tayag, Jacqueline Tayag, Yana Teves,*** and ***Nanding Ticzon.***

The general election was conducted by the Committee of Election( Comelec), chaired by ***Tony A. San Juan,*** a retired Toronto educator, was assisted by ***Maria Antonio,*** Association of Filipino Canadian Accountants ( AFCA) Vice President. ***Aleli Andrada Fahigal***, AFCA President and AFCA senior officer ***Emma Villanueva*** served as official election tabulators.

***PIDC*** *is a registered non-profit, community-based and volunteer-run organisation in Ontario for over 35 years. Its flagship program is the yearly- held Mabuhay Philippines Festival(MPF), proudly serving to promote and preserve Filipino heritage, history and culture in the province.*



PHOTO By **Leonor Abad**

***The newly-elected 2026-2028 PIDC Officers and Directors in a happy pose.***

# DATOL ORDER



*Ulat ni Mon Datol*

## Kongreso ibinasura Impeachment kontra PBBM; Bong Revilla nakakulong na, Jinggoy Estrada, Zaldy Co kinasuhan na rin ng plunder; Most wanted sa 'Pinas: Atong Ang P10M patong sa ulo; Bulkang Mayon patuloy pagsabog; SP Sotto aaksiyonan agad impeachment vs PBBM at VP Sara; Razon bumanat kay Barzaga, Cong Meowmeow pinasisibak na sa Kongreso

**********

Sa botong 284 pabor, 8 tumutol at 4 na abstention ay ganap ng pinagtibay ng Mababang Kapulungan Martes, Pebrero 10, ang rekomendasyon ng House Committee on Justice para tuluyang idismis ang 2 impeachment complaint na inihain laban kay Pangulong Ferdinand Marcos Jr. dahil umano sa kawalan ng kabuluhan o nilalaman..

**KO mga gustong ibagsak PBBM at ipalit si VP Sara.**

********

Ang impeachment complaint ay inihain Lunes ng isang Atty. Andre De Jesus sa tanggapan ni House Sec-Gen Cheloy Garafil at inendorso ni House Deputy Minority Leader at Pusong Pinoy party-list Rep. Jernie Jeet Nisay, na sinasabing konektado umano sa JVN Construction and Trading, isa sa mga contractor na nabanggit ng ICI sa inimbestigahang flood control scam at umanoy...

***Kasamang 'Congtractor' na tumiba ng bilyon sa flood scam***

********

Talagang malawakan ang ginagawang pagbira kay PBBM para patalsikin ang Pangulo sa Malacanang at pwersahan ipalit si VP Sara Duterte upang...

**Malibre sa kasong pandarambong mga buwitre sa pera ng bayan.**

********

Kailangan ng 1/3 boto ng mga Kongresista o' mga 116 lagda ng mambabatas para umusad na agad sa Senado ang impeachment complaint kontra PBBM at sa tingin ng ilang kaibigan ko sa House na nakapalitan natin ng kuro-kuro hinggil dito ay...

**Hindi uusad kaso dahil majority pa rin e, elibs ke PBBM.**

********

Ang hinihintay daw ng mga Kongresista ay ang impeachment complaint na ipa-file ulit kontra ke VP Sara Duterte matapos ang Pebrero 6, 2026 na katapusan ng one year bar sa unang reklamo kontra VP Sara at iyon ang ...

**Aakyat agad sa Senado dahil sa 200+ pirma ng mga Kong.**

********

Tiniyak naman ni Senate President Tito Sotto na mabilis na aaksiyunan ang impeachment complaint laban kina Pangulong Ferdinand Marcos Jr. at Vice President Sara Duterte sakaling may maghain ng reklamo laban sa kanila at makarating sa Senado.

**"Forthwith" at with dispatch ang aksiyon ni Tito Sen. Aprub. .**

********

Walang VIP treatment nakuha si dating Senador Bong Revilla Jr. ng ikinulong Lunes ng gabi sa Quezon City Jail-Male Dormitory sa Payatas, Quezon City matapos itong sumuko bunga ng kinakaharap nitong kaso sa Sandiganbayan ayon kay DILG Sec. Jonvic Remulla na nagsabing...

**Trabaho lang, walang kaibigan sa kapwa Cavitenong pulitiko.**

********

Sa Enero 23 babasahan ng sakdal si Revilla at iba pang kapwa akusado sa umano'y P92.8 milyong "ghost" flood control project sa Pandi, Bulacan at dito rin tatalakayin ang mosyon ng dating senador na ilipat siya sa PNP custodial center sa Camp Crame, Quezon City.

**Kulong si Bong kahit na kaalyado ni Pres. Bongbong.**

********

Patuloy ang pagbuga ng bulkang Mayon sa Albay Bicol Region ng lava dome at lava flow gayundin ng 338 rockfall events at 72 Pyroclastic Density Currents o "uson" at nakita rin ang crater glow sa bulkan at nagluwa ng nasa 4,970 tonelada ng asupre ng ayon sa latest monitoring sa bulkan ng Phivolcs sa nakalipas na 24 oras habang tinitipa ko ating kolum kayat ...

**Nananatiling nasa ilalim ng alert level 3 status ang Mayon na may mataas na aktibidad.**

********

P10 milyong reward para sa sino mang magbibigay ng impormasyon para maaresto ang negosyanteng si Charlie "Atong" Ang ayon kay DILG Sec Jonvic Remulla nitong Huwebes dahil siya na lamang ang natatanging hindi naaresto sa 18 akusado sa mga missing sabungero kayat...

**Top 1 Most Wanted na sa Pinas itong si Atong Ang.**

********

Sa mga pinuntahang bahay ni Atong Ang ng mga tauhan ng CIDG sa Metro Manila at Region 4-A ay hindi natagpuan ang negosyante kaya patuloy pa rin ang kanilang ginagawang paghahanap dahil lubhang napakayaman umano ni Ang kaya maraming condo at bahay sa mga mayayamang subdivision at lugar ang kinukonsiderang suyurin ng otoridad. Pero...

**Ang tanong: Nasa Pinas pa ba si Atong Ang?**

********

Dagdag pa ni Sec Jonvic ay meron nang tracker team na naglo-locate kay Ang at ayon sa BI ay hindi pa lumalabas ng bansa ang negosyante, at, nag-request na rin ang CIDG sa Interpol na maglabas ng Red Notice laban kay Ang. Inirekomenda rin ng CIDG ang pagkansela sa lisensiya ng mga baril ng negosyante.

## Wala ng kawala si Atong: Kakalusin na napunong salop mo.

********

Kinasuhan ng bilyonaryong si Enrique Razon Jr. ng 2 kaso ng cyber libel si Cong. Kiko Barzaga matapos siyang akusahan na sinuhulan umano ang mga miyembro ng National Unity Party (NUP) upang suportahan ang reeleksiyon ni dating Speaker Martin Romualdez.

## Paktaylo na si Cong 'Meow-Meow' Leon kalaban, eyh.

********

Kasabay ng pagsasampa ng cyber libel laban sa suspendidong kongresista, binoldyak ng bilyonaryong negosyanteng si Enrique Razon Jr. si Cavite Rep. Francisco "Kiko" Barzaga kung saan nanggaling ang kayamanan ng pamilya nito. Tanong ni Sir Razon...

## 'Ipaliwanag mo yaman ng pamilya ninyo.' Sagot, Kiko!

********

"Barzaga should explain where their wealth comes from. He is a politician from a family that is only in politics," pahayag ni Razon. "Barzaga should explain where their wealth comes from. He is a politician from a family that is only in politics," sabi pa ni Razon. Huwag ng magtaka, Sir, dahil...

## Big business ang Pinas politics, Mr. Enrique Razon, di po ba ?

********

Posible umanong muling suspendihin ng Kamara de Representantes si Cong Barzaga dahil sa mga post nito habang suspendido ayon kay Tingog Party-list Rep. Jude Acidre at umanong mga post ni 'Meow-Meow' na yumuyurak sa imahe ng yumaong si Antipolo City Rep. Romeo Acop kahit na patay na ito. Para kasing bata at...

## Walang kontrol ang bibig ni "Meow-Meow" eyh.

********

Nauna rito, sinabi ni House Deputy Speaker at Antipolo City Rep. Ronaldo Puno na hihilingin na ng National Unity Party sa Kamara na tanggalin na si Barzaga at maghahain ng cyber libel complaint ang mga miyembro ng NUP na pinagbintangan ni Barzaga na tumanggap ng suhol mula sa negosyanteng si Enrique Razon para suportahan ang speakership ni Leyte Rep. Martin Romualdez noong 2025.

## Sariling partido pinasisipa na si Barzaga sa Kongreso. Tsupi!

********

Posibleng kumita ng hanggang $1 bilyon mula sa mga proyekto ng gobyerno si dating Ako Bicol Rep. Zaldy Co ngunit maaaring mas malaki pa umano ang nakubra ng kanyang "boss" na si dating Speaker Ferdinand Mar-




***Wala ng kawala si Atong: Kakalusin na napunong salop mo.***

tin Romualdez, ayon kay Interior Secretary Jonvic Remulla.

**Nakngdragon, Ka RollyCab! Di-kayang bilangin ng 7 sira-ulo $1Bilyon!**

********

Ayon sa ulat ni Cali Asajar ng Bilyonaryo News Channel, sinabi raw ni Sec. Jonvic na napakalaki umano ng sangkot na pera kaya hindi na ito mailagay sa bangko at dahil dito, gumamit umano si Co at ang mga kasabwat niya ng cryptocurrency at mga custom-built vault para itago ang nakaw na pera.

**Kaya pala ga-bundok na pera nakahatag sa mesa na pang-kickback ng mga mambabatas.**

********

Ang solar firm franchise ni Batangas Rep. Leandro Leviste ay may koneksiyon sa Duterte admin ani Ombudsman Boying Remulla na kaya nakakuha ng prangkisa ang solar company ng batang Leviste ay dahil sa tulong ng koneksiyon sa politika. Now it can be told...

**DDS si Sen. Loren Legarda, ina ni Cong. Ngaw-ngaw!**

********

"Kuryente ang problema natin tapos maglalagay ka pa ng sinasabi nilang 'genius' na bata na gumawa ng solar. Kalokohan! Niloko lang tayong lahat kasi may kakuntsaba 'yan sa taas," saad ni Omb Boying sa panayam sa DZRH Executive Session at idinagdag pa nito na ang prangkisa ay naaprubahan noong 2019 at may koneksiyon umano ito sa Duterte government.

**Magkano, err, paano naaporbahan ng Kongreso prangkisa ng mag-inang Legarda? Alam na dat ng bayan.**

********

Idinagdag pa ni Omb Boying na si Sen. Legarda ang chair ng Senate Finance Committee at chairman ng budget noong naaprubahan ang bill nuong 2019 kaya nga ang tanong ay...

**'Puwede bang wala?' Meron? Say nyo ka-Tropang Seniors?**




***"ANG PILIPINAS AY ISANG MAYAMANG BANSA NA PINAGSAMANTALAHAN LANG NG MGA POLITIKONG BUWAYA NA GINAMIT ANG POSISYON UPANG MAKAPAGNAKAW SA LIKAS NA YAMAN AT SA BUWIS NG MGA PILIPINO."*** – Rolly Cabrera TALIBA NEWS

# VR Stones & Quartz Inc.

***VR Stones & Quartz Inc. is a family-owned and operated business with almost 10 years of experience fabricating and installing Quartz, Granite, Marble, and other stone products.***

VR Stones & Quartz Inc. is a family-owned and operated business with almost 10 years of experience fabricating and installing Quartz, Granite, Marble, and other stone products. We carry our own Quartz materials which we import overseas with a simple goal of making everyone s dream a reality by having your beautiful kitchen countertop in a reasonable/affordable price but on a stunning and timeless look.

We also source from all major slab suppliers such as MSI Stone, Caesarstone, Hanstone, Silestone, TCE Stone, Kstone Quartz, Lucent Quartz, Highland Stone & Quartz, Vicostone and more. Whether you re eyeing for Quartz or Granite etc., we are able to get and fabricate it to your specifications.

At VR Stones & Quartz Inc., we personally involved in every project from the beginning stages of planning to final installation, ensuring the results you see at completion are exactly what you envisioned. We take a hands-on, individual approach to work with each of our clients, focus on the quality, superior service and client satisfaction.



*Cabinet & Countertop Store*

With our expertise, we have top notch ideas to help you design your dream kitchen by considering the room s size, lighting level, intended use, and desired colors. Our experts can let you know what materials, manufacturers, and designs will work best for your project. Since we know how frustrated planning a renovation in designing your kitchen or other areas of your house that requires a countertop, VR Stones & Quartz Inc. also offer all kinds of services available from demolition, plumbing, tiling, disposal etc. to ensure that you are 100% satisfied and stress free with the outcome of your project.

Our clients include both residential and commercial customers, as well as builders and designers. For all your countertop needs, please feel free to call us and experience what all our satisfied clients have experienced from us!



***VR STONES & QUARTZ INC., YOUR COUNTERTOP EXPERT!!!!***

**For More Information CALL: 647-877-6133**




*Photo courtesy: Leila de Lima/FB, screengrab from Office of the Vice President/FB*

Matatandaang kamakailan nang ihain ng grupo ng kaparian, madre at Integrated Bar of the Philippines (IBF) ang ikatlong impeachment case laban kay VPSara.

Bitbit ng grupo ang mga reklamong culpable violation of the Constitution, betrayal of public trust, plunder, malversation, bribery, graft at corruption laban kay VP Sara.

Samantala, hindi na nagbigay ng mahabang pahayag ang kampo mni VP Sara hinggil sa ikatlong impeachment at iginiit na sasagutin na lamang daw nila ang mga akusasyon, sa tamang proseso.

For now, we will continue to closely monitor developments and address these complaint through the appropriate constitutional processes," saad ng kampo ni VP Sara. - ***eBALITA***

# Matteo, isinalba ang driver na bumangga sa kanilang resto

Walang galit si Matteo Guidicelli sa driver ng sasakyang bumangga sa al fresco ng kanilang Italian restaurant, Da Gianni Cucina Italiana.



*Ipinakikita ni Matteo Guidicelli ang nawasak nilang resto na bionagga ng isang babae.*

***Kabilang nga sa nawasak ang pizza oven nila na tinamaan ng sasakyan. May dalawang staff daw na andun that time na namamahinga na hanggang sa kasalukuyan ay nasa hospital pa at inoobserbahan***

Sa kanyang update ay ipinakita niya ang buong lugar na naapektuhan ng pag-arangkada ng puting SUV na ayon sa mister ni Sarah Geronimo ay galing sa Westgate, Alabang bago ito bumangga, bandang 4 p.m noong Linggo Pebrero 8.

Buti na lang daw at lampas lunchtime na, wala na nang maraming tao na kumakain.

"***We're very thankful that there were no more guests here around because 12 noon to around 2 p.m we were full house outside. We are very blessed that God was with us. Wala nang tao when this happened***," aniya sa kanyang Reel video.

Kabilang nga sa nawasak ang pizza oven nila na tinamaan ng sasakyan. May dalawang staff daw na andun that time na namamahinga na hanggang sa kasalukuyan ay nasa hospital pa at inoobserbahan. "***All the tables and chairs were all washed out. This was my pizza oven. This was a room that was made into a stock room, and I had two people sleeping in there because it was break time.***

***"They both got hit. They are in the hospital right now as we speak but they are okay. They are getting medical attention right now***," paniniguro naman niya,

Pero 'yun nga, wala siyang kagalit-galit sa driver ng sasakyan na isang babae.

Hindi raw ito lasing or naka-droga. "***I can say she's a very, very innocent lady… she admitted to her fault naman. At the end of the day, it can happen to anybody***," sabi niya sa nasabing Reel video at sa kasalukuyan aniya ay nakikipag-usap na siya sa insurance para maayos na ang naapektuhang lugar ng kanilang restaurant.

Magbubukas daw ang nasabing area in time for Valentine's.


Tuloy din naman ang operation nila na nasa kabilang area ang entrance.

"***It can happen to anyone, anywhere, anytime.***

***"On a lighter note, business continues. Cleanup starts.***

"***Stay safe, everyone***," sabi pa ni Matteo sa caption ng nasabing video.

Napuri si Matteo na ganun siya kabait na hindi naisip na idemanda ang driver na aniya ay may presence of mind dahil nang i-chek daw niya ang sasakyan ay "It was already in 'park'. Ibig sabihin, the driver placed it in park, she had the presence of mind to still put it in park." ***eBALITA***




MATUTO KAY JESUS

# "Makaririnig Kayo ng Ingay ng mga Digmaan"



"Mula noong maging journalist ako noong 1960's, nakapag-ulat na ako nang mahigit sa 40 digmaan. Nasaksihan ko ang kasagsagan ng Cold War at kung paano ito biglang natapos. **Pero iba ang 2025. Ngayon lang ako nag-alala nang ganito.** Bukod sa napakaraming nangyayari na malalaking digmaan, may isa sa mga iyon ang posibleng makaapekto nang malaki sa mundo."—John Simpson, BBC world affairs editor.

Nag-aalala ang mga tao sa mga nangyayaring digmaan sa mundo. Iniisip ng marami kung matatapos pa ang mga iyon. Ano ang itinuro ni Jesus?

**Ang itinuro ni Jesus**

Inihula na ni Jesus ang mga pangyayaring nakikita natin sa ngayon. Nagbabala siya sa mga tagasunod niya: "Makaririnig kayo ng ingay ng mga digmaan at ng mga ulat ng digmaan."—Mateo 24:6.

Totoo, nakakapag-alala ang mga digmaan at kaguluhan sa ngayon, pero may dahilan pa rin tayong umasa na may mangyayaring maganda. Bakit? Kasi itinuro ni Jesus na ang malalaking digmaan—kasama ng iba pang pangyayari, kalagayan sa mundo, at pag-uugali ng mga tao—ang bubuo sa "tanda" ng "katapusan ng sistemang ito." (Mateo 24:3; Lucas 21:7) Ipinapakita niyan na darating ang panahon na aalisin ni Jesus ang mga digmaan. Paano?

**Ang gagawin ni Jesus**

Bilang Hari ng Kaharian ng Diyos, malapit nang kumilos si Jesus para 'patigilin ang mga digmaan sa buong lupa.'—Awit 46:9.

Para malaman pa kung paano mangyayari ang napakagandang kinabukasang ito at ang magiging buhay natin sa panahong iyon, basahin ang artikulong "Kung Paano Magwawakas ang Digmaan at Kaguluhan." **- JW.org**

# Nagbabala ang mga Politiko na Malapit na ang Armagedon—Ano ang Sinasabi ng Bibliya?



Noong umaga ng Lunes, Oktubre 10, 2022, nagpaulan ang Russia ng mga missile sa iba't ibang lunsod sa Ukraine. Ginawa nila ito bilang ganti sa nangyaring pagsabog na sumira sa isang mahalagang tulay na nag-uugnay sa Crimea at Russia dalawang araw bago nito. Dahil sa mga pangyayaring ito, nagbabala ang mga politiko na parang malapit na ang Armagedon.

"Mula nang mangyari ang Cuban Missile Crisis noong panahon ni [U.S. President John F.] Kennedy, ngayon lang uli tayo naging ganito kalapit sa Armagedon. . . . Parang imposibleng hindi mauwi sa Armagedon ang sitwasyon ngayon kung ganito lang kadaling gumamit ng mga nuclear weapon."—Joe Biden, Presidente ng U.S., Oktubre 6, 2022.

"Naniniwala ako na malapit na ang Armagedon. Buong planeta ang nanganganib ngayon."—Volodymyr Zelensky, Presidente ng Ukraine, nang tanungin tungkol sa magiging epekto ng paggamit ng mga nuclear weapon, BBC News, Oktubre 8, 2022.

Mauuwi nga ba sa Armagedon ang posibleng paggamit ng mga nuclear weapon? Ano ang sinasabi ng Bibliya?

Mauuwi ba sa Armagedon ang paggamit ng mga nuclear weapon?

Hindi. Minsan lang sa Bibliya, sa Apocalipsis 16:16, mababasa ang salitang "Armagedon." Hindi ito digmaan sa pagitan ng mga bansa. Digmaan ito sa pagitan ng Diyos at ng "mga hari ng buong lupa." (Apocalipsis 16:14) Gagamitin ng Diyos ang Armagedon para wakasan ang pamamahala ng tao.—Daniel 2:44.

Para malaman kung ano ang magiging epekto ng Armagedon sa lupa, basahin ang artikulong Ano ang Digmaan ng Armagedon?

Magugunaw ba ang buong mundo dahil sa digmaang nuklear?

Hindi. Kahit gumamit pa ng mga nuclear weapon ang mga namamahala, hindi hahayaan ng Diyos na magunaw ang mundo. Sinasabi ng Bibliya:

"Ang lupa ay mananatili magpakailanman."—Eclesiastes 1:4.

"Ang mga matuwid ang magmamay-ari ng lupa, at titira sila roon magpakailanman."—Awit 37:29.

Pero ipinapakita ng mga hula sa Bibliya at ng mga nangyayari ngayon na malapit nang magkaroon ng malaking pagbabago sa lupa. (Mateo 24:3-7; 2 Timoteo 3:1-5) Alamin ang sinasabi ng Bibliya tungkol sa mangyayari sa hinaharap. Subukan ang libreng pag-aaral sa Bibliya kasama ng mga Saksi ni Jehova.

# May Katapusan ba ang Mundo?

### Ang sagot ng Bibliya

Para malaman kung kailan ang katapusan ng mundo, mahalagang maunawaan kung paano ginagamit ng Bibliya ang terminong "mundo" o "sanlibutan." Ang salitang Griego na ***ko'smos***, na karaniwang isinasalin na "sanlibutan," ay kadalasang tumutukoy sa sanlibutan ng sangkatauhan, lalo na sa mga taong hiwalay sa Diyos at salungat sa kaniyang kalooban. (Juan 15:18, 19; 2 Pedro 2:5) Kung minsan, ang ***ko'smos*** ay tumutukoy sa sistema ng lipunan ng tao.—1 Corinto 7:31; 1 Juan 2:15, 16.

### Ano ang "katapusan ng mundo"?

Ang pananalitang "katapusan ng mundo," na lumilitaw sa maraming salin ng Bibliya, ay maaari ding isalin na "katapusan ng sistemang ito," o "katapusan ng panahon." (Mateo 24:3; Ang Biblia—Bagong Salin sa Pilipino) Hindi ito nangangahulugan ng pagkapuksa ng lupa o ng lahat ng tao, kundi ng katapusan ng sistema ng lipunan ng tao.—1 Juan 2:17.

Itinuturo ng Bibliya na "ang masasama ay lilipulin" upang magkaroon ng masayang buhay sa lupa ang mabubuting tao. (Awit 37:9-11) Ang pagkapuksang ito ay mangyayari sa "malaking kapighatian," na magtatapos sa digmaan ng Armagedon. —Mateo 24:21, 22; Apocalipsis 16:14, 16.

### Kailan ang katapusan ng mundo?


Sinabi ni Jesus: "Tungkol sa araw at oras na iyon ay walang sinuman ang nakaaalam, kahit ang mga anghel sa langit o kahit ang Anak, kundi ang Ama lang." (Mateo 24:36, 42) Sinabi pa niya na ang pagdating ng wakas ay biglaan, "sa oras na hindi ninyo inaasahan."—Mateo 24:44.

Kahit na hindi natin alam ang eksaktong araw at oras, nagbigay si Jesus ng "tanda," o mga pangyayari, na magpapakilala sa yugto ng panahon na hahantong sa katapusan ng mundo. (Mateo 24:3, 7-14) Tinatawag ng Bibliya ang yugtong ito bilang ang "panahon ng wakas" at "mga huling araw."—Daniel 12:4; 2 Timoteo 3:1-5.

### May matitira pa ba makalipas ang katapusan ng mundo?

Mayroon. Naririto pa rin ang lupa, sapagkat sinasabi ng Bibliya na "hindi ito magagalaw sa lugar nito magpakailanman." (Awit 104:5) At ang lupa ay mapupunô ng mga tao, gaya ng pangako ng Bibliya: "Ang mga matuwid ang magmamay-ari ng lupa, at titira sila roon magpakailanman." (Awit 37:29) Ibabalik ng Diyos ang mga kalagayan ayon sa kaniyang orihinal na layunin:

- **Paraiso.**—Isaias 35:1; Lucas 23:43.
- **Katiwasayan at kasaganaan.** —Mikas 4:4.
- **Makabuluhan at kasiya-siyang gawain para sa lahat.**—Isaias 65:21-23.
- **Wala nang magkakasakit at tatanda.**—Job 33:25; Isaias 33:24.



## Alam mo ba?

Hindi nakikisali ang mga Saksi ni Jehova sa politika, pero ipinagpapasalamat at nirerespeto namin ang mga ginagawa ng gobyerno. (Roma 13:1; 1 Timoteo 2:1, 2) Para sa iba pang impormasyon, bisitahin ang **www. JW.org** Basahin ang "***Bakit Neutral sa Politika ang mga Saksi ni Jehova?***"

# Posible ba ang buhay na walang hanggan?

Ang unang taong si Adan ay nabuhay nang daan-daang taon. Pero nang maglaon, tumanda siya at namatay. Mula noon, sinubukan na ng mga tao ang iba't ibang paraan para maiwasan ang pagtanda. Pero wala pang sinuman ang nakatakas sa kamatayan. Bakit? Si Adan ay tumanda at namatay dahil nagkasala siya nang sumuway siya sa Diyos. Tayo ay tumatanda dahil nagmana tayo ng kasalanan kay Adan, pati na ng kabayaran nito, ang kamatayan.—**Basahin ang Genesis 5:5; Roma 5:12.**

Para mabuhay nang walang hanggan, kailangan natin ng isa na tutubos sa atin. (Job 33:24, 25) Ang pantubos ay ang halagang ibinabayad para mapalaya ang isa, at sa ating kalagayan, kailangan nating mapalaya mula sa kamatayan. (Exodo 21:29, 30) Binayaran ni Jesus ang halagang iyan nang mamatay siya para sa atin.—**Basahin ang Juan 3:16.**


## Paano tayo magkakaroon ng buhay na walang hanggan?

Hindi lahat ay mapalalaya mula sa sakit at pagtanda. Sa katunayan, maiwawala ng mga taong sumusuway sa Diyos, tulad ni Adan, ang pribilehiyong mabuhay. Ang mga tao lamang na pinatawad sa kanilang mga kasalanan ang mabubuhay nang walang hanggan.—**Basahin ang Isaias 33:24; 35:3-6.**

Para mapatawad, kailangan nating kumilos. Kailangan nating makilala ang Diyos sa pamamagitan ng pag-aaral ng kaniyang Salita, ang Bibliya. Itinuturo nito sa atin kung paano magkakaroon ng mas mabuting buhay at kung paano makakamit ang pagsang-ayon ng Diyos at ang buhay na walang hanggan.—**Basahin ang Juan 17:3; Gawa 3:19.**



*Anong paglalaan ang magpapalaya sa atin sa kamatayan?*




***Kung paanong ang matandang puno sa South Africa ay umabot na sa 2,000 libong taonna kinilalang TREE OF LIFE, layunin ng Diyos na Jehovah ay higit pa sa puno na magkaroon ang tao ng BUHAY NA WALANG HANGGAN. Hindi niya binabago ito basahin natin ang Juan 17:3 Paraan upang magkamit tayo ng buhay na walang hanggan!***







P.O. Box 73066 / 2300 Lawrence Ave. E. Toronto, ONT M1P 2R2

# TALIBA/Flipz Media

***(Magazine & Social Media Services)***

We reserve the right to refuse sexist, racist or otherwise offensive advertising. Information has been obtained by Taliba Newspaper Canada Ltd / Flipz Media from sources believed to be reliable. However, because of the possibility of human or mechanical error by our sources, the publisher and its research staff can not guarantee the accuracy, adequacy, or completeness of any information and is not responsible for any errors or omissions or the results obtained from use of such information. The views expressed in TALIBA are those of the writers/contributors and do not represent the opinions of the editors and / or the publisher. Statements made in advertisements printed, inserted or attached to TALIBA are not endorsed in any manner whatsoever. Most texts and photos in this issue are from reliable sources gathered by our research team and staff. TALIBA/ FLIPZ MEDIA aims to strenghten the mind, body and spirit of our readers so that they may have realistic views of life and be able to cope with daily problems. We are non-political, non-religious, non-partisan, non-competitive and non-racial. We stand for truth, justice, equality and fraternity. We intend to make a difference.

***"Bringing your products & services at the forefront of digital industry."***

**ABOUT:** While maintaining a politically neutral position, it will promote positive views about Canadian cultures and heritage. Media hub that merges Filipinos to other cultures through culinary ideas, music, entertainment, business and current affairs. Provides helpful information for new immigrants concerning employment, government assistance etc. The magazine will help entrepreneurs promote their services, as well as artists showcase their talents. The magazine will provide point of contact information concerning government programs, business start-up, talent hub and charities.

**SERVICES:** Provide magazine and online social media presence while promoting business services and talents. Provide photography/ videography services for social events, weddings, portraits and starting modelling portfolio. Provide advertisement design layout including photography service for promotional purposes. Provide website design and web hosting businesses.

*VISIT **www.talibaflipzmedia.com** or CALL ROLLY :* ***647-287-1870***